Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

March 26, 1982

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 104, s. 1982

MONITORING NG MGA PROYEKTO PARA SA PAGSASANAY
SA MABISANG PAGPAPAHAYAG

Sa: Mga Pangalawang Kalihim
Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Ahensiyang Pangkalinangan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at Puno ng Yunit
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan
Mga Tagapamanihala/Tagapangasiwa ng mga Paaralang Bokasyonal

1. Sa layuning mabisang maipatupad ang paggamit ng Pilipino sa mga komunikasyong opisyal sa Ministring ito ayon sa isinasaad sa Memorandum Pangministri Blg. 174, s. 1980 isang serye ng mga gawaing kapulungan sa mabisang pagpapahayag ang isinagawa mula noong Enero hanggang Nobyembre 1981 ng MEC Training Center ng Lingkurang Pampangasiwaan at ng Surian ng Wikang Pambansa para sa mga pinuno at mga tauhan ng mga tanggapang sentral at rehiyonal ng Ministri sa bisa ng Memorandum Pangministri Blg. 4, s. 1981.

2. Sa mga gawaing kapulungang iyon ang mga dumalo ay pinagawa ng mga tiyak na proyekto na pangunahing pangangailangan upang mapagkalooban sila ng kaukulang sertipiko ng pagsasanay bukod pa sa mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Pilipino. Kabilang sa mga iyon ang eko seminar, pagsasalin sa Pilipino ng mga karatula, mga terminolohiya, mga pormularyo, iba't ibang uri ng komunikasyong pasulat, mga publikasyong pang-impormasyon at iba pa.

3. Upang matiyak ang kawastuan at katumpakan ng mga nagawang proyekto at upang matiyak ang mabisang implementasyon nito at maisagawa rin ang kaukulang programa ng pagtatapos ng mga naturang nagsanay sa mga idinaos na gawaing kapulungan, ang MEC Training Center ng Lingkurang Pampangasiwaan at ang Surian ng Wikang Pambansa ay magsasagawa ng monitoring batay sa kalakip na disenyo at kagaya ng nakalahad na iskedyul sa ibaba:

| Para sa mga Dumalo | | Petsa at Lugar ng Monitoring |
|---|---|---|
| noong | sa | |
| Enero 15-30, 1981 | MEC Training Center | |
| Pebrero 9-24, 1981 | MEC Training Center | |
| Marso 9-24, 1981 | MEC Training Center | |
| Abril 20-Mayo 6, 1981 | MEC Training Center | Hulyo 5-6, 1982 |
| Mayo 11-15, 1981 | MEC Training Center | PICC, Maynila |

| | | |
|---|---|---|
| Hunyo 13-17, 1981 | Rehiyon I at II, Baguio City | Agosto 30-31, 1982 San Fernando, La Union |
| Hulyo 27-31, 1981 | Rehiyon III at IV at NCR, Palawan | Setyembre 13-14, 1982 Odiongan, Romblon |
| Agosto 17-21, 1981 | Rehiyon V at VIII, Ormoc City | Oktubre 18-19, 1982 Lungsod ng Calbayog |
| Setyembre 7-11, 1981 | Rehiyon VI at VII Bacolod City | Nobyembre 8-9, 1982 Lungsod ng Bago |
| Oktubre 5-9, 1981 | Rehiyon IX at XII Zamboanga City | Nobyembre 22-23, 1982 Lungsod ng Pagadian |
| Nobyembre 16-20, 1981 | Rehiyon X at XI Lungsod ng Davao | Disyembre 6-7, 1981 Lungsod ng Cagayan de Oro |

4. Manggagaling padalhan ang lahat ng kinauukulan sa nakatakdang pagmomonitor at pagtatapos ayon sa sinusundang iskedyul na dala ang talaan o duplikadong sipi ng mga kailangang tapos na proyekto at programa ng mga gawain, gayundin ang mga problema at iba pa. Ang kanilang pagdalo ay sa oras na opisyal at ang kaukulang magagastos sa transportasyon at iba pa tulad ng butaw sa pagmomonitor na ₱180 kasama ang minindal at pagkain ay manggagaling sa kanikanyang pondong lokal.

5. Ipinakikiusap ang mabilis na pagpaparating sa mga kinauukulan ng nilalaman ng Memorandum na ito.

(LGD.) ABRAHAM I. FELIPE
Acting Minister

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri: (Blg. 174, s. 1980 at 4, s. 1981)

Pamamudmod: 1-2-3-4 (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CORRESPONDENCE
EMPLOYEES
LANGUAGE
OFFICIALS
RULES & REGULATIONS
TEACHERS

(Kalakip sa Memorandum Pangministri Blg.104, s. 1982)

# DISENYO NG PAGMOMONITOR

## Rationale

Mahalagang mabatid ang makatotohanang resulta ng "Gawaing-Kapulungan sa Mabisang Pagpapahayag sa Wikang Pilipino" na ginanap noong 1981 sa lahat ng rehiyon ng Ministri ng Edukasyon at Kultura. Makabubuti ring malaman kung ano ang naging bunga ng nasabing Gawaing-Kapulungan sa bawat kalahok na nagsanay. Gayundin ang kanyang mga problema, kung mayroon at kung paano siya lalong matutulungan para sa pagkakaroon ng kakayahang makapagpahayag nang mabisa sa Wikang Pilipino.

Ang dalawang araw para sa pagmomonitor at pagtatapos ang inaasahang makatutugon sa nabanggit na mga pangangailangan.

## Layunin

Pagkatapos ng 74 na oras na 'Gawaing-Kapulungan sa Mabisang Pagpapahayag sa Wikang Pilipino' inaasahang ang mga partisipant ay makatutugon sa mga hinihingi ng kababanggit na Gawaing-Kapulungan nang may 75% kawastuan, kabisaan at/o pagpapahalaga at sa gayo'y magiging karapatdapat sa pagtanggap ng "Sertipiko ng Pagsasanay."

## Nilalaman ng Dalawang Araw na Gawain

Ang unang araw ay iuukol sa pagmomonitor ng mga proyekto, nagawa o problema hinggil sa mabisang pagpapahayag sa Wikang Pilipino. Ang ikalawang araw ay iuukol sa iba pang mga gawaing mapagkakasunduan ng mga kalahok kasama ang maikling seremonya ng pagtatapos.

## Istratehiya

Ang unang araw ay kapapaloobap ng mga paghaharap/paglalahad ng mga nagawa/problema, tanunga't sagutan; at paliwanagan at ang ikalawang araw nama'y para sa 'Clearing House of Ideas,' iba pang bagay na mapagkakasunduan ng mga kalahok at pagtatapos. Pagtutulungang isagawa ang mga ito ng mga 'chairman' ng bawat pangkat.

## Lugar na Pagdarausan

(Makitingnan po sa Memorandum rito.)

## Mga Partisipant

Ang mga kalahok ay bubuuin ng lahat ng mga dumalo sa bawat Gawaing-Kapulungan sa Tanggapang Sentral/Rehiyon ayon sa mga natapos na iskedyul.

Sa panig ng pangasiwaan ng pagsasanay na pinangungunahan ng pangkalahatang tagapag-ugnay (Trinidad C. Leal) mula sa Sentro ng Pagsasanay, MEK at pinangangalawahan ng puno ng Sangay ng Promosyon, SWP (Pamfilo G. Catacataca) narito ang mga pangalan ng mga iba pang dadalo:

Katulong sa Pangangasiwa (Hali-halili)

1. Lorenza V. Abellera
2. Bienvenido G. Reyes
3. Leticia G. Abulencia
4. Julieta A. Sarmiento
5. Purita Leonardo

Sekretariat (Hali-halili)

1. Teresita L. Cortez
2. Luz V. Mojica
3. Virginia L. Garcia
4. Eden V. Mojica
5. Aniceta A. Olivar
6. Lourdes T. Talan

Hinggil sa Putaw na ₱180

Ipinaaalala na ito'y dapat ipadala sa pangalan ng MEC Training Center Administrative Service, Arroceros, Manila.

Ipinagugunita rin na ang ₱180 butaw para sa mga kalahok ay sumasaklaw lamang sa apat (4) na mirindal at dalawang (2) tanghalian gayundin sa mga kagamitan para sa pagmomonitor at pagtatapos.